COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Martes, Ika-23 ng Mayo
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

PORMAL NANG ITINAWAG NG BOARD NG MGA SUPERBISOR ANG ESPESYAL NA ELEKSYON PARA SA IKAAPAT NA DISTRITO

Opisyal na sinabi ng Board ng mga Superbisor noong Martes at tinawag na espesyal na primaryang eleksyon ang Ika-15 ng Agosto para sa Ikaapat na Supervisorial na Distrito. Ang mga botante sa Distrito 4 ang magpupunan ng supervisorial na puwesto na naging bakante nang magbitiw ang dating superbisor noong Ika-15 ng Mayo.

Halos 400,000 na mga botante na naninirahan sa Distrito 4 ang makakatanggap ng balota sa koreo sa linggo ng Ika-16 ng Hunyo para sa eleksyon. Ang opisyal na pakete ng balota ay maglalaman din ng isang “Bumoto Ako” na sticker, mga instruksyon sa pagboto, at iba pang mahahalagang impormasyon tungkol sa eleksyon.

Ang taong ibinoto ay siyang uupo sa bakanteng puwesto ng Distrito 4 para sa natitirang kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero 2027. Kung walang kandidato ang makakatanggap ng mayoryang boto sa Ika-15 ng Agosto na eleksyon, kasunod ay gaganapin ang isang espesyal na eleksyon sa Ika-7 ng Nobyembre, 2023. Tanging ang mga nakatira lamang sa loob ng distrito ang maaaring bumoto sa eleksyon.

Kasama sa distrito ang mga komunidad ng Lemon Grove, La Mesa, North Clairemont, Hillcrest, Balboa Park, North Park, Bankers Hill, Old Town, Mission Hills, Normal Heights, University Heights, Oak Park, Webster, Valencia Park, Encanto, Bay Terraces, Paradise Hills, Skyline, Kearny Mesa, Clairemont Mesa, Linda Vista, Birdland, Serra Mesa, Civita, portions of Grantville, City Heights, Rolando, Azalea Park, Chollas Creek, Rolando Park, Kensington-Talmadge, Mid-City, Montezuma Mesa, SDSU Mission Valley, Crest-Dehesa, Spring Valley, Casa de Oro, Mt. Helix, at Rancho San Diego.

Kung hindi kayo sigurado kung nakatira kayo sa Distrito 4, maaari ninyo itong tingnan sa sdvote.com.

COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Martes, Ika-23 ng Mayo
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Ang maagang pagboto ay magsisimula sa Lunes, Ika-17 ng Hulyo sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa. Ang mga oras ng operasyon ay mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon mula Lunes hanggang Biyernes. Subalit, hinihikayat ng Tagapagrehistro ang mga botante na gamiting mabuti ang benepisyo ng kaginhawaan ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Maaari kayong bumoto mula sa ginhawa ng inyong tahanan at ibalik ang inyong binotohang balota sa pamamagitan ng koreo – hindi kinakailangan ng selyo – o sa alinmang opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro sa buong distrito simula Martes, Ika-18 ng Hulyo hanggang sa Araw ng Eleksyon.

Tandaan na pirmahan at petsahan ang inyong sobreng pagbabalikan ng balota. Kailangan ninyong pirmahan ang sobreng pagbabalikan ng balota upang ang inyong boto ay mabilang.

Ang mga botante na magbabalik ng kanilang balota sa pamamagitan ng U.S. Postal Service ay maaaring ma-track ito sa pamamagitan ng pag-sign up para sa "Nasaan ang Aking Balota?".

Kung nais ninyong bumoto nang personal, ang opsyong iyon ay available din. Iwasan ang mahahabang pila sa pamamagitan ng mabuting paggamit sa benepisyo ng maagang pagboto. Simula Sabado, Ika-5 ng Agosto, pitong mga vote center ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang sa araw ng Eleksyon, Martes, Ika-15 ng Agosto, kung saan 14 na mga vote center ang magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa Distrito 4 na espesyal na primaryang eleksyon sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 Pacific Highway, Room 208 · San Diego, Ca 92101-2472